

1

“You’re crazy, you know that?”

Sa unang pagkakataon sa buhay ni Kristen Allodia Santiago, parang gusto niyang sumang-ayon sa kaibigan niya. Pinahid niya ang pawis sa kanyang noo at bumuntong-hininga sa cell phone na nakadikit sa kanyang tainga. Ramdam niya ang hugis ng mga diamanteng nakadikit sa case ng cell phone sa kanyang pawisang palad.

“Shut up, Lucille, I’m stuck here in the middle of nowhere, nanlilimahid sa pawis at natutusta na sa ilalim ng araw at ’yan lang ang masasabi mo? You think I’m crazy, I’ll show you crazy!” Tumili siya sa cell phone at narinig niya ang malakas na pagmumura ng kaibigan sa kabilang linya.

“Bravo! Bravo!” tuya ni Lucille nang matapos ang pagtili niya. “Ano? Sinayang mo ang natitirang energy sa katawan mo, ’no? Ipagpatuloy mo ’yan at may mararating ka.”

“Your sarcasm is getting old,” asik niya.

“So is your craziness. Really, Kris, tingin mo ba may maniniwalang lalaki ka? Nakita mo na ba ang

size ng dibdib mo, ha?”

Inikot niya ang mga mata at napagpasyahang umupo sa gilid ng dirtroad. Matataas ang damo sa paligid at may manaka-nakang puno sa tabi ng mabatong kalsada. Umupo siya sa ilalim ng isa sa mga iyon. Hindi na niya kayang tagalan ang araw at mukhang hindi na sapat ang SPF 50 sunblock na inilagay niya kanina. Sinipat niya ang kalsada at gaya ng nakaraang isang oras at kalahati, wala pa rin siyang natanaw na sasakyan na paparating. Gusto niyang iumpog ang ulo sa katawan ng puno sa inis.

“I look like a prepubescent boy,” aniya.

“Ooh, prepubescent, that’s a big word! Saan mo natutunan ’yan?”

“Will you be serious?”

“I am serious! Ikaw, seryoso ka bang babaita ka? What the hell are you thinking? Ba’t hindi mo na lang sinabi sa daddy mo na ayaw mo sa gusto niya? Hindi ka naman mapipilit n’un kung ayaw mo! Ni hindi ka nga napilit n’un mag-Business Ad! Never kang napilit na gawin ang kahit na anong hindi mo gustong gawin. Ano’ng pinagkaiba ngayon at bakit hindi mo nagawang ipilit ang gusto mo? Ba’t mo kailangang pumunta sa farm na ’yan para magpanggap na lalaki

para mag-espiya sa gustong ipakasal sa 'yo ng tatay mo, aber? Hindi kita maintindihan, Girl. Para ka lang gaga.”

“It’s a ranch, not a farm.”

“At sa lahat ng sinabi ko 'yan lang ang nakuha mo? At isa pa, ano'ng pinagkaiba ng farm sa ranch?”

“I’m not sure either, pero s’abi ni Tita ranch daw 'to at hindi farm.”

“Whatever. So ano, bakit nga nag-ala-*Hana-Kimi* slash *Coffee Prince* ka at nagpasyang mag-disguise na lalaki, ha? I swear, nasobrahan ka na ng nood ng mga Asianovelas.”

Humugot siya ng hangin at inis na humalukipkip. Maluwag ang suot niyang dark blue na kamiseta at naitago niyon kahit papaano ang hubog ng katawan niya. Presko dapat iyon sa pakiramdam pero dahil sa suot niyang binder para itago ang kanyang dibdib, naiinitan siya at parang hindi na makahinga.

“You don’t understand, Luce, seryoso si Daddy ngayon. He threatened to cut my allowance! Can you believe that? He’d never done that before! Kahit na n’ung nag-pose ako ng nude sa isang painting, hindi niya ginawa 'yon! He’s freaking serious this time.”

“You’re twenty-five, Kristen. Hindi mo na kailangan ng allowance.”

“I’m twenty four, tatlong buwan pa bago ’ko mag-twenty-five!”

“Yeah, yeah. The point is matanda ka na. By now you should already be independent.”

“I am independent! I make my own choices, I don’t—”

“Pero financially dependent ka pa rin sa dad mo. Really, Kris, kahit ’yung unit mo daddy mo ang bumili. You need to get a real job, and no, I’m not talking about your odd jobs, you need a real stable job, Krissy.”

“I have a job! I’m a makeup artist and I do commission paintings and I’m an on-call production assistant!” Sa inis niya ay napatayo siya at ipinadyak ang isang paa. Hindi niya napansin na may lumot pala doon. Dumulas ang paa niya at napasigaw siya.

“Oy, Kris! Ano’ng nangyayari sa ’yo!”

“Shit.” Hinimas niya ang puwitan. Sumalampak siya sa lupa dahil sa pagkadulas niya. Pinilit niyang tumayo.

“I’m okay, it’s just—shit,” mura niya nang

maramdaman ang pananakit ng bukong-bukong.

“Oy, ano’ng nangyari sa ’yo?”

“I think I sprained my ankle.”

“Oh joy!”

Napatili siya ulit sa phone at narinig niyang tumawa si Lucille.

“Yan ang napapala mo. I bet kaya ka talaga nagpunta d’yan sa farm na ’yan, eh, dahil gusto mo ng adventure. Para ’yan sa theatre class mo, ano? You wanna try being a theatre actress, right? ’Yan ang career of the month mo, tama? So sinusubukan mo kung papasa ang acting skills mo, yes? ’Yan ang napapala mo sa adventure mo.”

“Ano’ng masama kung gano’n nga?” Sumandal siya sa puno, nag-iinit na ang ulo sa kaibigan. “Ano’ng masama kung gusto kong subukang maging theatre actress? Ano’ng masama kung hindi ko pa rin alam ang gusto kong gawin sa buhay ko hanggang ngayon? Ano’ng masama kung ginagawa ko ang lahat para mahanap ’yon? Ano’ng masama kung ayaw kong magpatali sa isang trabaho dahil nakakabagot ’yon?”

“Ang drama mo. Anyway, alam mo, walang masama as long as hindi ka umaasa sa iba. Pero dahil

lahat halos sa daddy mo nanggagaling, huwag ka nang magtaka kung may say pa rin siya sa lahat ng bagay sa buhay mo.”

“Kaya nga ’andito ako ngayon para patunayan kay Daddy na mali ang desisyon niya. I’ll show Daddy just how awful this Marcus Ferera is.”

“At paano mo gagawin ’yon, aber? You will seduce him while in your prepubescent boy disguise? Ipapakita mo sa daddy mo na becky ang lalaking napili niya para sa ’yo?”

“Yuck! Of course not! I have nothing against beokies, pero hindi ko siya ise-seduce, ano? Probinsyano? Puh-lease!”

“Wala kang problema sa mga bakla pero may problema ka sa mga probinsyano. Tsk.”

“I love gays! Marami akong gay friends, pero promdi? Nah-uh.”

“Wow. At proud ka pa niyang lagay na ’yan, ah.”

“Whatever. I bet he has bad manners or something. O baka may girlfriend na siya rito. At kung wala naman, I bet may attitude problem siya. Thirty years old at walang girlfriend? Malamang may problema talaga siya.”

“Ay, bahala ka na sa buhay mo. Good luck sa pagpapanggap mo, although hindi ko ma-imagine na may maniniwala sa 'yo na lalaki ka. Sige na, baboo! Magpasalamat ka na lang at may signal d'yan. Tawagan mo 'ko kapag nakarating ka na d'un sa farm, ha?”

“It's a ranch!”

“Yes, yes. Bye!” At binabaan na siya nito.

Inis niyang isinuksok ang phone sa bulsa. Inilibot niya muli ang tingin sa paligid. Umaalingasaw ang init mula sa lupa at tila ginagambala niyon ang hangin sa paligid. Naisuklay niya ang mga daliri sa buhok at agad siyang nanibago. Ang dating mahaba niyang buhok ay gupit panlalaki na ngayon. Pero tama na rin iyon. Hindi niya ma-imagine kung gaano nakakairita ang mahabang buhok sa ganito kainit na sitwasyon.

Napapikit siya nang mariin at gusto niyang tumili ulit sa inis. Bakit ba kasi nagmaganda siya kanina nang masiraan ang tricycle na sinasakyan niya? Bakit ba kasi nagpilit siya na maglakad na lang mag-isa papuntang rancho kaysa sumama sa Manong Driver para pumunta sa kalapit na bahay upang humingi ng tulong? Pero kasi naman, ilang kilometro pa rin ang layo ng pinakamalapit na bahay at nasa kabilang

direksyon iyon ng rancho. Tingin niya ay mas mabuti kung maglalakad na lang siya papunta sa rancho kaysa maglakad pa palayo roon. It seemed like a reasonable choice. But now she doubted it.

Nanunuyo na ang mga labi niya kaya kinuha niya ang lip balm sa bulsa. Alam niyang hindi na siya dapat nagdadala ng ganoong gamit na pambabae pero hindi niya mapigilan. Wala sa loob na nahawakan niya ang mga labi.

Tama nga kaya si Lucille? Wala nga kayang maniniwala na lalaki siya?

Hindi sa nagyayabang siya, pero alam niyang maganda siya. Not stunning or *Victoria's Secret*-model beautiful, but she knew she was pretty. She had a straight petite nose, wide dark eyes and high cheekbones. Pero hindi iyon ang pinakaproblema niya.

Ipinagpatuloy niya ang paghaplos sa mga labi.

She had full, shapely lips. Hindi naman mala-Angelina Jolie, but they were very soft-looking, very feminine. Iyon din ang sinabi sa kanya ng tiyahin niya nang ipakita niya rito ang kanyang disguise. Ang Tita Dorris na kapatid ng mommy niya ang tumulong sa kanya sa lahat ng ito. May kaibigan ito na kaibigan

din ng pamilya Ferera. Pinalabas nila na kakilala siya ng kaibigan na iyon ng Tita Dorris niya at kailangan niya ng matitirahan at trabaho. Pumayag naman ang pamilya Ferera na tulungan siya.

Nagpa-tan siya para sa gagawin. Gumawa rin sila ng pekeng mga papeles para sa kanya. Medyo nag-alangan siya noong una pero napag-isip niya, hindi niya pagnanakawan ang mga ito o anupaman. Hindi naman niya sasaktan ang mga ito. Kailangan lang niyang kumuha ng prueba na hindi bagay sa kanya si Marcus Ferera pagkatapos ay baboo na siya. It was harmless.

Ibinalik niya ang lip balm sa bulsa at umusal ng panalangin. Kailangan na lang talaga niyang umasa sa kanyang acting skills. Bonus na rin na natural na mababa ang boses niya. She could pull this off.

Isang ugong ng sasakyan ang pumukaw sa kanyang isipan at agad siyang napangiti at napaayos ng tayo. Di niya pinansin ang pananakit ng bukong-bukong at pinilit maglakad upang salubungin ang sasakyan.

Isa iyong four-wheel drive, tamang-tama sa mabato at lubak-lubak na daan. Tumayo siya sa gitna ng daan at itinaas ang mga kamay at kumaway para pahintuin iyon. Huminto naman ang sasakyan ilang

metro mula sa kanya at paika-ika siyang naglakad para puntahan iyon.

Bumukas ang pinto sa driver's side.

A god came out.

Okay, exaggerated iyon, but it was damn close.

Natulos si Kristen sa kinatatayuan habang nakatitig sa lalaking naglalakad palapit sa kanya.

He was not supermodel handsome. He looked too rough, too untamed to pass for those clean-shaven and rich looking guys in high fashion magazines.

He looked like... a gladiator.

Yup, iyon ang tingin ni Kristen sa lalaking ito.

Broad shoulders, dark hair, sun-kissed skin, yup, hubaran lang ito at suotan ng bahag at bigyan ng spear at shield at pasigawin ng '*Freedom!*' ay puwede na itong isama sa main cast ng *Spartacus*. Nakasuot ito ng simpleng kamiseta at kupas na maong. He was wearing simple boots as well. Pero ang kawalan ng arte sa suot nito ang nakadagdag para patingkarin ang pagkalalaki nito.

His corded muscles moved underneath his shirt as he walked toward her and she had to wipe her mouth

to make sure she was not drooling. He reminded her of wild graceful beasts, too. His shirt couldn't hide the well-defined muscles of his torso. Nor could the soft-looking jeans conceal the powerful legs encased in them. Pero hindi ito iyong nakakadiri na sobrang laki ng katawan. He looked just right.

Napataas ang tingin niya sa mukha nito at natigilan siya. The Spanish blood was obvious in his coloring and facial structure. Sa tingin niya ay puwede rin itong pumasa bilang bidang lalaki doon sa mga Mexican telenovela na pinapanood niya. Iyong mga bidang lalaki sa mga rancho at hacienda. Strong jaw line, aristocratic nose, deeply-set eyes, and those lips. Darn. He had full lips, too!

Pero di gaya sa kaso niya, hindi iyon nakabawas sa pagiging lalaki nito. Nakadagdag lang lalo iyon. She couldn't help but imagine those lips moving against hers, on her neck, on her breasts, on her...

Nanlaki ang mga mata niya at parang gusto niyang maghanap ng pinakamalapit na simbahan.

“Kris Asuncion?”

His voice was warm honey.

Nakatayo na ito sa tapat niya at kailangan niyang iangat ang mukha para titigan ito. He was too darn

tall.

Napalunok siya at napakurap. “Uh...oo.”

Tumaas ang sulok ng mga labi nito at pakiramdam niya ay may panang tumagos sa kanyang dibdib.

“Kanina ka pa namin hinihintay. Ano’ng nangyari sa ’yo?”

Bago pa siya makakurap ay mahigpit siya nitong niyakap. Kumabog nang sobra ang puso niya at natakot siyang baka marinig nito iyon. Pumulupot sa kanya ang panlalaking samyo nito at muntik na siyang sumiksik dito para amuyin ito nang todo.

“Welcome sa San Agustin!” Tinapik siya nito sa likod at muntikan na siyang mapaubo.

Tingin niya ay magkakapasa siya. Binitawan siya nito at parang mabubuwal siya. Naglakad ito papunta sa mga gamit niya.

“I’m Marcus Ferera, kilala mo na ’ko, di ba? Sa ’min ’yung rancho.”

Nanginginig niyang nilingon ito. Bitbit na nito ang malaking duffel bag niya pati na rin ang backpack niya. Tila balewala lang iyon dito.

“O, ano pa’ng tinatayo mo d’yan? Halika na.”

Naglakad ito papunta sa four-wheel at binuksan ang backseat para ilagay ang mga gamit niya. Tumingin ito sa kanya at napakunot nang hindi pa siya sumusunod dito.

“Kris?”

Nanginginig ang mga tuhod niya. Ang ganda ng mga mata nito. Mahahaba ang pilikmata at napakatingkad ng pagkaitim. His eyes were the color of warm honey.

“Hoy!”

Napaigtad siya at tumawa ito.

“Ano ba? ’Lika na! Hinihintay na tayo nina Mama. Kanina ka pa namin hinintay.”

Pumasok na ito ng sasakyan.

Nanginginig siyang humugot ng hangin. She was tingling all over. Ngayon lang niya naisip, bakit ba hindi siya humingi ng picture ni Marcus Ferera sa daddy niya?

2

“Ba’t and’un ka sa gitna ng kalsada? Ano’ng nangyari at na-stranded ka d’un?” tanong nito pagkatapos ibuwelta ang sasakyan.

Sinulyapan siya ni Marcus pero mabilis din nitong ibinalik ang tingin sa daan. Kumalog nang kaunti ang sasakyan nang may madaanan silang lubak at ibinaling niya ang titig sa kahit na ano maliban sa lalaki.

Mukhang alagang-alaga ang loob ng sasakyan, ganoon din ang labas niyon. But she knew for a fact na lumang modelo na ang *Jeep Wrangler*. May ganito siya noon, noong eighteen siya, noong mahilig siya sa pagda-drive sa mga mabubundok na lugar. She got tired of it after six months. Lumunok siya para pawiin ang panunuyo ng lalamunan.

“Nasiraan kasi ’yung tricycle na nasakyan ko. Hihingi lang daw si Manong Driver ng tulong sa kalapit na bahay. Kaya lang ilang metro pa ’yung layo n’un ’tapos nasa kabilang direksyon pa ng rancho.”

“Ah,” tango nito. “Iyon nga rin ang naisip ko kaya sinundo na kita. Medyo wala kasi talagang maraming

mga sasakyan dito 'tapos ang lalayo pa ng mga bahay. Ganito din ba sa inyo?"

Muntik na siyang mag-panic. Agad niyang inalala ang kuwentong sinaulo niya. "Ah, hindi po. Sa bayan ako lumaki."

Tumango ito. "Wag nang po. Kasing-edad mo lang naman halos 'yung kapatid ko. Nineteen ka na, di ba?"

"Opo—oo."

Maliit itong ngumiti at parang mahihilo siya sa lakas ng tibok ng kanyang puso. Agad niyang inalis ulit ang tingin dito.

"So, naisipan mong maglakad na lang hanggang sa rancho?"

Rinig niya ang panunukso sa tinig nito at pasimple niya itong sinulyapan. Magaan ang hawak nito sa manibela at hindi niya mapigilang tumitig sa mga braso nito. Like every other part of him, his arms were toned and sinewy, with light dusting of dark hair across the golden skin.

"Uhm. Gan'un na nga."

Maikli itong tumawa at parang may mga parong nagpiyesta sa loob ng sikmura niya. Gusto

niyang iumpog ang noo sa dashboard.

“Wag mo na ulit gagawin ’yon. Malalayo ang mga bahay dito. Hindi ka pa naman yata sanay sa ganitong lakaran, made-dehydrate ka. Anyway, napag-isipan mo na ba kung gusto mong mag-aral ng college?”

Napakurap siya at napataas ang tingin sa mukha nito. Nakatitig pa rin ito sa daan.

“Huh?”

“College. May college naman sa bayan. Puwede nating ayusin ’yung schedule mo para makapasok ka kahit nagtatrabaho ka sa rancho. Puwede kang sumabay sa pagpasok ni Ralph.”

Muli siyang napakurap, pagkatapos ay napabuka ang mga labi. Pero isinara niya rin ulit. Sinulyapan siya nito na tila ba nagtataka sa di niya pag-imik.

Agad niyang ibinuka ulit ang bibig. “College?”

“Oo, college. Kolehiyo, ’yung pinapasukan mo para mag-aral pagkatapos ng high school? Narinig mo na ’yon?” Nanunukso ang ngiti nito at naramdaman niya ang pamumula ng mga pisngi.

Mabilis siyang lumunok at iniwas ang tingin dito. She had never been very bright, pero parang lalong

hindi gumagana nang tama ang utak niya kapag nakatitig siya rito.

“Ba’t n’yo naman gagawin ’yon?”

“Ang alin?”

“Ang pag-aralin ako.”

Tumawa ito pero hindi iyon mapang-u Yam. Mainit iyon at puno ng saya. Tawa ng isang kaibigan, ng isang taong masasandalan. Inabot nito ang ulo niya at ginulo ang kanyang buhok.

“Hindi ’to libre. Siyempre magtatrabaho ka. Pero tutulungan ka namin sa mga loans. Magagawan natin ng paraan.”

Wala sa loob na hinawakan niya ang buhok na ginulo nito. Alam niyang wala lang iyon, but the gesture felt so intimate, as if he’d known her all his life.

“Pag-isipan mo kung gusto mong mag-aral. Isipin mo na rin kung anong course ang gusto mo habang bakasyon pa. ’Wag mo na munang isipin ’yung gastusin, magagawan ’yon ng paraan.”

Napatitig muli siya rito. There was an easy smile on his lips, a comforting warmth in his eyes. Ramdam niya ang mabilis na pagtibok ng puso niya at mariin

niyang kinagat ang pang-ibabang labi.

Nagpatuloy ito sa pagkukuwento sa tabi niya. “Si Ralph ’yung sumunod sa ’kin. Twenty na siya, nag-aaral sa bayan. Computer Engineering ’yung course niya. Si Jessica ’yung bunso, fifteen lang siya, nag-aaral ng high school sa bayan din. S’abi ni Ate Deliah wala kang masyadong alam sa rancho?”

Tumango siya. Si Deliah Pascual ang common friend ng Tita Dorris niya at ng pamilya Ferera. Ito ang kasabwat nila ng tiyahin.

“Don’t worry, tuturuan ka namin. For now, maglilinis ka na lang muna ng mga kuwadra. Puwedeng tulungan mo na rin si Manang Nita sa kusina at sa bahay. Matanda na kasi si Manang. Marunog ka bang magluto?”

Agad nanigas ang mga kalamnan niya. Ni hindi nga raw siya marunong magpakulo ng tubig sabi ng yaya niya. Oo, hanggang sa edad niyang ito na beinte-cinco ay may yaya pa rin siya.

“Hindi.”

“It’s okay. Hindi naman talaga ikaw ang magluluto, si Manang Nita ang cook sa bahay, pero makakatulong sana kung may alam ka nang kaunti sa kusina.”

Nakahinga siya nang maluwag.

“Tungkol sa suweldo, si Mama ang kakausap sa ’yo. Tungkol naman sa bahay, well, parang bahay mo na rin ’yon. Six thirty ang almusal, twelve noon ang lunch, six thirty ang dinner. May break ng ten am at three pm. ’Yung ibang detalye ng gagawin mo sa bahay si Mama na rin ang magbibigay. Kung gusto mong mag-aral ng college, aayusin natin ’yung schedule mo.”

Lumiko ito sa isang kanto ng mayayabong puno at napatitig siya sa harapan. Napapaligiran ng mga puno ng niyog ang daan at sa dulo ay tanaw niya ang isang mahabang bungalow.

“Welcome sa *Rancho Ferera*.” Sandali itong sumulyap sa kanya at nginitian siya.

Sinabi ba niyang hindi ito supermodel handsome? Well, totoo iyon. He was movie star handsome. Iyong tinitilian ng mga babae sa sine at red carpet. At nang mga oras na iyon, parang iyon ang gusto niyang gawin. Gusto niyang tumili at pupugin ito ng halik.

Sandali siyang pumikit at pinigil ang mapaungol sa inis. She hated the way her heart skipped a beat.

Bumaba si Marcus ng sasakyan at binuksan ang backseat para kunin ang mga gamit niya. Agad siyang lumabas din para kunin iyon dito. Napangiwi siya sa sakit sa bukong-bukong pero hindi niya ininda.

“Ako na,” anito nang akmang kukunin niya rito ang mga bagahe niya. “Na-sprain mo ’yung ankle mo, di ba?”

“Hindi, okay lang, hindi naman masakit.”

Ngumiti ito at gusto niyang iumpog ulit ang noo sa pinakamalapit na poste. Ginulo ulit nito ang buhok niya. Naglakad ito papunta sa porch habang bitbit ang mga gamit niya.

“Wag mo na lang muna masyadong igalaw ’yan. Magpahinga ka na lang muna ’tapos saka ka na lang talaga magtrabaho kapag okay na. Mas mahirap kapag napuwersa. Papupuntahin ko si Manang Luisa sa kuwarto mo mamaya, hilot ’yon. Malayo dito ’yung clinic, pero kung gusto mo puwedeng d’un tayong pumunta.”

Agad siyang umiling. “No—ibig kong sabihin, hindi, ah, okay lang ako, promise!” Pilit niyang hinihila dito ’yung bag pero matalim siya nitong tinitigan.

“Kris, ako na.”

Napatikom siya.

Bumukas ang pinto at lumabas doon ang isang matandang babae at isang teenager.

“You’re Kris?” Ang lapad ng ngiti ng babaeng teenager. Mestiza ito at mahahaba ang mga binti at nakasuot ng *Christian Louboutin* shoes. Favorite shoe brand niya iyon.

Napatango lang siya.

“Hi!” Namumula ang mga pisngi nito. Narinig niya ang pagtawa ni Marcus sa kanyang tabi.

“Someone has a crush.”

“Kuya!” tili ng teenager at lalong tumawa si Marcus.

Hindi niya alam kung matatawa ba siya o ano.

“Pasok na, Kris.” Nakangiti siyang hinawakan ng matandang babae na malamang ay si Mrs. Imelda Ferera. Hawig nito ang teenager at maganda pa rin ang pangangatawan. Pero mukhang kailangan nitong magpa-hair spa.

Iginiya siya ng mga ito sa salas.

“Ma, na-sprain ang ankle ni Kris,” ani Marcus. “Mabuti pa siguro pagpahingahin muna natin siya.”

Jess, get Manang Luisa, papuntahin mo sa room ni Kris.”

“Oh, sure!” sagot ni Jessica. Pagkatapos ay tila nahihiyang napatingin ito sa kanya. “Nice meeting you, Kris.” At tumakbo ito papunta sa isang pinto.

“Don’t run! Baka ikaw naman ang ma-sprain!” pahabol ni Marcus pero tila hindi na ito narinig ni Jessica.

Kinakabahan siyang napatitig kay Marcus. Ngayong narito na siya sa bahay ng mga ito ay parang ngayon lang niya talaga naramdaman ang kaba sa plano niya. Parang ngayon lang niya nakita ang mga loopholes ng kanyang kuwento. Wala siyang alam sa bahay, isang linggo lang siyang nagpaturo sa yaya niya tungkol sa maaaring gampanin niya at halos hindi niya talaga na-absorb ang mga iyon.

And her looks? Sigurado siyang tama si Lucille. Paano ba niya naisip na mukha siyang lalaki? Mukha siyang babae kahit saan tingnan!

“Ang guwapo mong bata.”

Then again...

Malapad na nakangiti sa kanya si Mrs. Ferera.

“I know, right?” sabat ni Marcus. “Mukhang

artistahin, di ba? Medyo payat nga lang. Pero okay lang 'yan, bata ka pa naman, palalakihin namin ang katawan mo dito. Magiging heartthrob ka dito.”

Parang gusto niyang magpapadyak bigla sa inis.

Nakakunot-noong inilibot ng binata ang tingin sa paligid.

“Asan si Ralph?” tanong nito sa ina.

“Tumakas n'ung umalis ka.”

“I told him to oversee the cattle branding.”

“Sinabi ko nga rin, ang kulit talaga niyang kapatid mo. Talagang iga-ground ko na 'yan kahit bakasyon niya.”

Umiling si Marcus at maliit na ngumiti at lumambot din ang ekspresyon ng mukha habang nakatitig sa ina. “Bayaan n'yo na. He's probably just burned out from studying.” Binalingan siya ng lalaki at agad siyang naalerto. “Halika na, 'tuturo ko sa 'yo 'yung kuwarto mo.”

“Sige, Kris, sumama ka na muna kay Marcus, 'tapos maghahanda na rin ako ng merienda. Derecho na lang kayo sa kusina mamaya, ha, Marcus?”

“Yes, Ma.” Hinagkan nito sa sentido ang ina bago

siya iginiya sa isang pasilyo.

She tried her best to ignore the man walking beside her. Hindi iyon madali. Maaaring mapuno ng tao ang isang malaking bulwagan pero sigurado siyang mapapansin pa rin niya si Marcus Ferera. Gusto niyang kurutin sa inis ang sarili.

Pinuwera niya ang sariling ituon ang pansin sa paligid at doon niya napansin ang malalaking paintings sa kahabaan ng dingding. Napasinghap siya at napatakbo roon.

It was love at first sight. Fine Arts ang course niya sa kolehiyo at kahit noong bata pa siya ay mahilig na siyang magpinta ng kung anu-ano.

“Sino’ng gumawa nito?” paos niyang tanong habang nakatitig sa isang watercolor painting.

It was a field of flowers. Tila sumabog ang mga kulay roon. Makakapal ang brush strokes at tila walang ingat ang mga iyon. She loved it.

Mangha siyang tumakbo sa sumunod na painting. Ganoon din ang brushstrokes doon, ganoon din ang pagkakahalo ng mga kulay. Iyong pangatlo ang medyo naiiba, itim na kulay lamang ang mayroon doon at ramdam ang mas malungkot na damdamin sa pagsabog ng itim na pintura.

Hindi niya maialis ang titig sa mga iyon.

“Si Papa ang may gawa ng mga ’yan.”

Napatango siya sa binata, habang naghahabulan ang kanyang hininga. Umangat ang isang kamay niya upang hawakan ang pintura pero natigilan siya. Nanlaki ang mga mata niya at napalingon kay Marcus.

Nakakunot ito habang nakatitig sa kanya.

Gusto niyang sabunutan ang sarili.

“Uh... ano lang kasi, uhm... natuwa lang ako.”
Masigla siyang ngumiti.

His muscles tensed and he nodded. “You look really excited. Nagpipinta ka ba?”

Mabilis siyang umiling. “No.”

“No?” Nag-angat ito ng kilay at lalong kumuyom ang kanyang mga daliri. “Yung pagliwanag ng mukha mo... you...” Hindi nito itinuloy ang sasabihin nito at bigla itong nag-iwas ng tingin.

Nakita niyang tila namumula ang mga tainga nito.

“Halika na, ituturo ko na ’yung kuwarto mo.”

Nauna na itong maglakad sa kanya.

Napapikit siya at napausal ng panalangin. Malalim ang paghinga, sumunod siya rito. Huminto ito sa dulo ng pasilyo at binuksan ang isang pinto roon.

It was a simple but comfortable room. Of course, wala itong binatang sa silid niya sa unit niya. May Jacuzzi, king size bed, plush carpet, may sixteen-square-meter walk-in closet, centralized air conditioning, 80-inch plasma TV at state of the art stereo system doon.

Pero komportable ang silid na ibinigay sa kanya ng mga Ferera. May single bed, may dresser, may built in closet, may maliit na couch at may TV rin.

Inilapag ng binata ang mga bagahe niya sa sahig at hinarap siya. Maliit itong ngumiti sa kanya at pinilit niyang huwag pansinin ang pagdagundong sa kanyang dibdib.

“Kung gusto mong matulog muna, okay din. O puwedeng magmerienda na muna tayo. Hindi mo naman kailangang magtrabaho agad, ipahinga mo muna ’yang ankle mo. Isa pa, malamang tagtag ka sa biyahe. Galing ka pa sa Romblon, di ba? Bukas o sa isang araw ka na lang talaga magsimula para hindi

ka mabigla.”

Napakaganda ng ngiti nito sa kanya, napakabait. Nakatayo ito roon na tila ba handa itong tulungan siya sa kahit na anong problema niya. Sinubukan niyang labanan, pero tuluyan nang nanikip ang kanyang lalamunan. Hindi niya mapigilan ang pag-iinit ng mga mata.

“Hey! Hey!” Naalarma nitong itinaas ang dalawang kamay nang makitang namumula ang mga mata niya. “What’s wrong? Ano’ng nangyari?”

“Ba’t masyado kang mabait?” Hindi niya napigil ang akusasyon sa boses.

“What?”

“Mabait! You’re too freaking kind. It’s not normal. Bagong-bagong kasambahay lang ako dito. You don’t even know me. But you’re willing to send me to college, and now you’re even telling me I could take the day off to rest. It’s not normal, you’re too generous. Hindi ’to normal!”

Huli na bago niya napagtanto ang mga sinabi niya at kung paano niya sinabi ang mga iyon. Napasinghap siya at natutop ang bibig. Malalaking mata siyang napatitig kay Marcus at nakitang gulat din itong nakatitig sa kanya.

Nagsalita siya ulit. “Pinilit akong pag-aralin sa private school n’ung mga magulang ko n’ung elementary. Pinagmumulta kami ng mga teacher kapag nagsasalita kami ng Filipino.”

“Oh.” Napahawak ito sa batok. Alangan pa rin itong nakatitig sa kanya at pagkatapos ay tipid itong ngumiti. “Uhm... tungkol sa mga sinabi mo. Uh, you think I’m too kind?”

Tumango siya. Gusto niyang tadyakan ang sarili nang mga oras na iyon.

“Well, I’m not really sure what you mean but—” Napapikit ito at napaungol pagkatapos ay nahilamos nito ang mukha. “God, I’m not really good at this. Well, I know you’ve had a rough life. S’abi ni Ate Deliah namatay ’yung mga magulang mo at... gusto mo daw magsimula sa isang bagong lugar at tinanong niya kung puwede ka rito.

“I, well, it’s not pity, okay? Nobody wants that. But... we’re just trying to help. We’re not trying to make you feel uncomfortable—”

“It’s okay.” Nanghihina siyang napaupo sa kama. Gusto na talaga niyang tadyakan ang sarili. “It’s okay. I’m sorry. Hindi mo kailangang magpaliwanag. I was being stupid. Kayo na nga ang tumutulong at

ngayon parang kayo pa ang masama at kailangang magpaliwanag. Shit, I'm so stupid.”

“Hey.” Naramdaman niya ang paglapit nito. Naupo ito sa tabi niya. Awkward nitong tinapik ang likod niya at hindi niya napigilan ang pag-iinit lalo ng mga mata.

He was so darn nice it was not funny.

Itinaas niya ang mukha rito at pareho silang natigilan.

This close, she could see the dark brown flecks in his hazel eyes. His long, thick lashes also made the color more prominent. Fashion models would kill for those eyelashes. Napababa ang tingin niya sa mga labi nito at hindi niya napigilan ang paglalim ng hininga. Tila kay lambot ng mga labi nito. She wondered if they felt as soft as they looked.

“Kuya Marcus? Kris?”

Pareho silang napaigtad ni Marcus nang marinig ang boses ni Jessica mula sa labas. Nanlaki ang mga mata ng binata at agad itong napatayo mula sa kama.

“Andito na si Manang Luisa.”

Tumalikod ang binata at naisuklay ang mga daliri sa buhok nito.

“Kuya Marcus?”

“Yes, sandali.” Paos ang tinig nito.

Malalim ang hiningang napatitig siya sa likod nito. She could see the tension in his broad muscular back. Napapikit siya nang mariin at gusto niyang kutusan ang sarili.

“Patingnan mo muna ’yang ankle mo kay Manang ’tapos pumunta na lang kayo sa kitchen, okay?”

Ni hindi siya nilingon ni Marcus nang sabihin iyon at walang pasabi na binuksan nito ang pinto para papasukin ang mga dumating at lumabas ng silid.

3

Hindi sumabay si Marcus sa kanila sa merienda. Pakiramdam niya ay kasalanan niya iyon. Pero baka ilusyonada lang siya. Napabuntong-hininga si Kris.

“Hey, okay ka lang?” Siniko siya ni Ralph habang naghuhugas sila ng pinggan. Tinitigan niya ang nakababatang kapatid ni Marcus.

The younger Ferera reeked of *Armani* glamour, kahit hindi ito nakaporma. Guwapo rin ito gaya ng kuya nito at malamang lalo pa itong guguwapo sa pagtanda nito.

Maliit siyang ngumiti. “Okay lang, may iniisip lang. Puwede mo na ’kong iwan dito, ako na ang tatapos ng mga ’to.”

“Nah. Okay lang. Magagalit si Mama kapag hindi ako naghugas, buti nga hindi na ’ko na-ground, eh.”

“Yung kuya mo ang pumigil sa mama mo.”

“Of course, sino pa ba ang makakapigil kay Mama? Mas madaling utuin si Kuya kaysa kay Mama.”

Sumimangot siya at tumawa ito. “Hey, cool ka lang. I mean mabait lang talaga si Kuya.”

Natapos sila sa paghuhugas at bumalik siya sa silid niya para ayusin ang mga gamit. Pagkatapos ay mabilis siyang naligo dahil nanlilimahid siya. Mabuti na lang talaga at may sariling banyo ang silid na ibinigay sa kanya.

Matapos masigurong ayos ang binders niya sa ilalim ng kamiseta ay saka lang siya lumabas ng banyo. Naka-maluwag na pantalon ulit siya at nakatsinelas.

Dumerecho siya sa kusina.

Naroon si Manang Nita at naghahanda na ng hapunan. Mas matanda ito sa mama nila Marcus at marami na itong uban.

“Tutulong na po ’ko.”

Nilingon siya nito at itinuro ang mga talbos ng malunggay sa kitchen counter. “Himayin mo.”

Agad siyang sumunod. Wala siyang alam sa pagluluto pero tingin niya ay hindi naman rocket science ang paghihimay ng malunggay.

Nang malapit nang maluto ang tinola ay pinaghain na siya ng nakatatandang babae.

May dining hall ang malaking bahay pero ayon kay Manang Nita ay sa malaking kitchen kumakain

ang mag-anak kapag walang okasyon.

Tahimik niyang inilagay ang placemats, mga plato at kubyertos sa hapag. Naalala niya sa bahay nila. Para silang laging nasa formal dinner kapag kasabay niyang kumakain ang daddy niya. Pero hindi madalas iyon. Madalas ay gabi na itong dumarating kaya lagi na siyang nauunang kumain.

Humugot siya ng hangin pagkuwan ay umiling sa sarili.

“Kris, pakibuhay nga itong galon ng tubig at ilagay mo dito sa lababo,” untag ni Manang Nita habang naglalagay ng tinola sa mangkok.

Mabilis siyang sumunod.

“What are you doing?”

Muntik na niyang mabitawan ang galon nang marinig ang mababang boses ng lalaki. Napalipad ang tingin niya sa pintuan.

There was something inherently sexy in the way Marcus Ferera scowled. His muscles were bunched tight, his sensual mouth pursed into a line, his strong jaw tense and hard.

Lumunok siya bago sumagot. “Uh... nagtatrabaho?”

“I told you to rest the whole day.” Malalaking hakbang itong naglakad papunta sa kanya at pinigilan niya ang pagnanais na umatras. Kinuha nito ang galon na hawak niya at inilapag iyon sa counter. Bagong ligo ito, medyo basa pa ang buhok at kumukulot iyon sa may batok. The scent of clean male skin and aftershave enveloped her, tingling her flesh. Humarap ito sa kanya at maingat siyang huminga. “How’s your sprain?”

“It’s okay.” Paos ang tinig niya at mababa.

She saw his eyes flicker to her lips, and the peaks of her breasts hardened. Nanlaki ang mga mata niya.

Nakita niyang napatiiim-bagang ang binata at iniwas ang tingin sa kanya. Nakita niyang maingat din itong humugot ng hangin.

“Ano’ng s’abi ni Manang Luisa?” Paos din ang tinig nito.

“Uhm... medyo nabanat lang daw ’yung kalamnan. Hindi na masakit—ano’ng ginagawa mo?”

Nataranta siya nang lumuhod ito sa harap niya at hilahin ang isang paa niya. “Oy! Ano ba—ouch!”

Marahan nitong pinisil ang bukong-bukong niya at napangiwi ulit siya. “Wag ka munang magbubuhat

ng mabigat. 'Wag ka rin maglakad nang mabilis o madalas. Let it rest. That's an order."

Tumayo ito at naghugas ng kamay pagkatapos ay hinarap si Manang Nita na para bang normal lang ang lumuhod ito at pisilin ang bukong-bukong ng kung sino.

"Sina Mama?"

"Ipinatawag ko na, papunta na 'yon."

Tumango ang binata at kinuha ang isang mangkok para maglagay din ng ulam. Nanginginig pa rin siya dahil sa hawak nito. Humugot siya ng malalalim na hininga at tinungo na ang pinto ng kusina.

"Where are you going?"

He was scowling at her again.

"Uh... may nakalimutan lang akong gawin sa kuwarto ko."

"Mamaya mo na gawin. Kakain na."

"Mauna na kayo. Mamaya na lang ako."

"Why?"

Why? Bumuka ang mga labi niya pero hindi siya nakapagsalita. Talaga bang pipilitin siya nitong

sabihin ang halata naman?

“Well, kasambahay ako,” aniya.

Nag-angat ito ng kilay roon at mariin niyang itiniim ang mga labi. Bakit ba tila lahat ng ginagawa nito ay parang inaakit siya?

“So? Sabay-sabay kaming kumakain dito. Umupo ka na.” Tumalikod na ito na para bang sinasabing tapos na ang usapan.

Wala siyang nagawa kundi ang sumunod na lang.

Matapos ang ilang minuto ay napuno ang kitchen table. Hindi nagbibiro ang binata nang sabihin nitong sabay-sabay kumakain ang mga tao roon. Hindi lang sila ni Manang Nita at ang pamilya Ferera ang nasa hapag, naroon din ang ilang tauhan sa rancho. Ipinakilala siya ni Marcus sa mga ito. Ang ilan umano sa mga ito ay sa bahay ng mga Ferera din mismo tumutuloy habang ang iba ay sa ilang kalapit na pabahay para sa mga trabahador.

Maingay habang kumakain, nagkukuwentuhan at nagtatawanan ang marami. Muli, naalala niya sa bahay nila, ang tahimik na hapag-kainan habang kumakain siyang mag-isa.

“Okay ka lang?” Siniko siya ni Ralph. Ngumunguya

ito habang nakatitig sa kanya.

Hindi niya napigilan ang pagtawa. “Okay lang.”

“Naiingayan ka?”

Hindi siya agad nakasagot, pagkatapos ay malamlam siyang napangiti. “Hindi, nakakatuwa lang, para kayong malaking pamilya,” usal niya.

“Yeah, it’s always like this. Kahit n’ung buhay pa si Papa, ganito na.”

Napatitig siya kay Ralph habang ngumunguya rin siya.

“Six lang yata ako n’ung namatay si Papa,” anito. “Si Jessica nga baby pa n’un. Pero s’abi ni Kuya, ganito na talaga dito sa bahay noon pa.”

Tumango siya at ipinagpatuloy ang pagkain. Her mom died when she was just a baby, too. Pictures na lang nito ang mayroon siya.

“I don’t remember much about Papa,” narinig niyang saad ng katabi habang hinihiwa nito ang manok. “Parang si Kuya na talaga ang tatay ko. He’s great, you know. He’s been working in this ranch while studying since Papa died. Hindi ko alam ang nangyari sa ’min kung wala si Kuya.”

Kinuha niya ang baso at uminom ng tubig. Parang nanghihina siya. Nagtatrabaho na si Marcus sa rancho habang nag-aaral noong teenager ito? Siya, ano ang ginagawa niya noong nasa ganoong phase siya? Tumitili kay *Dao Ming Si* at *Hua Ze Lei*.

Nanginginig niyang ibinaba ang baso at napataas siya ng tingin. Bumilis ang tibok ng puso niya nang makitang nakatitig sa kanya si Marcus. Maliwanag na maliwanag sa hapag dahil sa fluorescent lamp at tila ipinapangalandakan niyon sa kanya kung gaano kaguwapo ang binata. The unforgiving light showcased every perfect angle and curve of his face.

Narinig niyang may sinasabi sa tabi niya si Ralph pero hindi niya naintindihan. Tila hinihigop ng presensya ni Marcus ang lahat ng kanyang pandama.

“Hoy!” Tumatawang siniko siya ni Ralph at nakita niyang napuno ng tension ang mga kalamnan ni Marcus.

Mabilis nitong iniwas ang tingin sa kanya.

“Lagi kang lutang,” natatawang sambit ng katabi. “S’abi ko, may festival sa katapusan ng linggo. Maraming darating na tao, may mga shows, may bazaars, tamang-tama ang dating mo.”

Nakuha niyon ang atensyon niya.

“Bazaar? I love bazaars!” Hindi niya napigil ang pagpalakpak. “Ano’ng gagawin natin?”

Napakurap si Ralph sa kanya na para bang nagulat ito sa reaksyon niya. Napakunot tuloy siya.

“What?”

“Nothing,” usal ng binata. “Well, ipaparada d’un ’yung mga kabayo, ’tapos dito ang venue kaya ’yung rent ng lugar ang pinakakita ng rancho.”

“So walang booth ’yung rancho?”

“Nope. Bakit may request ka?”

“Well...” Napakagat-labi siya. Kabagu-bago lang niya kung anu-ano na ang sinasabi niya. “Uh... wala.”

“What is it, Kris?”

Nagtayuan ang mga balahibo niya sa batok nang marinig ang boses ni Marcus. Pigil-hininga siyang tumitig dito.

Hindi niya mabasa ang ekspresyon nito habang nakatitig sa kanya.

“Well...” Gusto niyang tadyakan ang sarili nang marinig ang ngatal sa boses. “Uhm... maganda siguro kung may mga tattoo booths, wala lang, ’yung parang henna lang, o picture booth siguro kung wala pang

gagawa n'un. O maganda ring i-showcase yung mga produkto ng rancho. May mga crops din dito, di ba? Saan ba sikat itong rancho bukod sa mga kabayo? Magandang dagdag na marketing strategy lang siguro. Siguro puwede ring magpa-contest ng mga dairy products, sikat ang rancho sa gan'un, di ba? Dahil sa poultry at milk?"

“Parang magandang ideya ’yan!” bulalas ni Mrs. Ferera.

Nahihiya siyang napatingin sa ginang at nakitang ang lapad ng ngiti nito sa kanya. Doon din niya napansin na tahimik na pala ang lahat sa hapag. Parang gusto niyang dumausdos sa upuan at magtago sa ilalim ng lamesa.

Binalingan ng ginang ang panganay nito. “What do you think, Marcus? Dalawang dekada na nating ginagawa ’to pero walang masyadong involvement ang rancho. Magandang ideya ’yung baking contests. Puwedeng sumali ’yung mga kasama natin dito sa rancho, marami sa kanila ang magagaling magluto ng kung anu-ano, matutuwa sila pihado. Baka puwede rin silang magbenta doon.”

Nanatiling nakatitig lamang sa kanya si Marcus at parang sinisilaban na ang mga pisngi niya. Pagkatapos, dahan-dahan, tumaas ang sulok ng

mga labi nito. She thought she just died and went to heaven.

“Yes, I think it’s a good idea, too.”

Naging maingay ulit ang lahat at nag-usap tungkol sa mga gagawin ng mga ito sa contest.

Narinig niya muli ang pagsasalita ni Ralph sa tabi niya pero hindi niya ito maintindihan dahil muli, hindi niya maialis ang titig sa lalaki sa kanyang harapan.

Hindi siya makatulog nang gabing iyon.

Kinuha niya ang phone mula sa nightstand at tinitigan iyon. She should call her dad. Ang alam nito ay nasa bakasyon siya kasama si Lucille. Sigurado siyang nag-aalala na ito dahil hindi pa siya tumatawag. Kahit na madalas itong wala sa bahay, malapit pa rin sila ng ama. Her father made sure she always had everything she wanted.

Humugot siya ng hangin at tinawagan ito.

“Oh, kamusta ang Pagudpud?” Rinig niya ang ngiti sa boses ng ama.

Hindi niya rin napigilan ang pagngiti at binaluktot

niya ang mga tuhod at niyakap ang mga binti. “It’s great.”

“Wag kalimutang mag-sunblock, ha? Hindi healthy sa skin ang masyadong mabilad sa araw.”

Hindi niya napigil ang paglamlam ng ngiti. Her father had always been sweet and thoughtful. Naalala nito lagi kahit ang maliliit na bagay.

“I miss you, Daddy, sana kasama kita.”

“I know, Krissy. Pasensya ka na at lagi akong wala. Kapag nakapag-retire na ’ko, lagi na tayong magkakasama. Plano kong magbukas ng rancho d’yan malapit sa Quezon, Isabela para mapalapit sa *Rancho Ferera*. Have you thought about my proposal? Mabait na pamilya ang mga Ferera, Marcus is an awesome man.”

Nanikip ang sikmura niya. Noon pa ibinibida sa kanya ng ama ang binata pero talagang wala siyang interes noon. Parang hindi totoo ang binata sa mga kuwento ng ama. Now she knew better.

“Just meet him, Krissy, iyon lang. Magugustuhan mo siya. Old family friend ng pamilya ng mama mo ang mga magulang ni Marcus, mabuting pamilya sila. I deeply regret losing contact with them when your mother died. They’re a good family, magugustuhan

mo sila.”

Nanghihina siyang napahugot ng hangin. Alam na rin niya ang mga bagay na iyon ngayon.

“Pero, Daddy, tingin n’yo ba papayag siya sa gusto n’yo?”

“Hindi ko rin alam, Hija. But who knows? Kung makikita ka niya, baka magstuhan ka rin niya. Hindi naman natin ipipilit. Magkita lang kayo at tingnan natin mula doon. Hindi naman ako seryoso nang sabihin kong ititigil ko ang allowance mo. I just want you to meet Marcus, he’s the sort of man a father would want for his daughter. But you know I won’t force you into something you don’t want, right?”

Nangilid na ang luha niya. Of course, dapat ay noong una pa lang ay nalaman na niya iyon. Her father had always loved her, had always spoiled her. Kahit noon pa ay hindi na siya nahihindian nito. She felt so stupid right now.

“I know, Daddy.”

“Matulog ka na, ha? Gabi na. ’Wag masyadong magpupuyat. Mag-ingat ka lagi d’yan, ha? ’Yung flashlight lagi sa tabi mo, ha?”

Nanginginig siyang napangiti. “Yes, Daddy.”

“Good night, Krissy. Talk to you tomorrow.”

“Good night, Daddy.” Tinapos na nila ang tawag.

Maingat siyang humugot ng hangin at pinahid niya ang ilang luhang hindi niya namalayang naglandas sa kanyang mga pisngi. Tumayo siya sa kama at naglakad-lakad sa kahabaan ng silid. Gusto niyang lumabas at magpahangin, pero tinanggal na niya ang binders sa kanyang dibdib. Inilibot niya ang tingin sa paligid at huminto iyon sa kulay abong robe sa paanan ng higaan.

Hinayaan niya ang sariling ngumiti at kinuha niya iyon. Isinuot niya iyon at lumabas siya ng silid.

Iba ang hangin sa *Rancho Ferera* kaysa sa Manila. Kahit sa mga lugar na pinagbakasyunan niya ay iba pa rin ang hangin sa lugar na ito. It felt cleaner, fresher and cooler.

Ngumiti siya at humigop ng malalim na hininga.

Naglakad-lakad siya sa garden ng mama ni Marcus. Maraming orchids doon at malalagong bougainvillea. Halatang alagang-alaga ang garden pero hindi ito iyong tipo na parang ginastusan ng milyon. The garden felt homey and wild, like the plants were cared for but they were still given enough freedom to grow as they pleased.

Malamlam siyang ngumiti at umupo sa isang stone bench. Tila ganoon ang lahat sa lugar—alagang-alaga. At naroon ang pakiramdam na hindi kailangang magpanggap, na walang kailangang gawin kundi ang maging totoong ikaw lamang.

Bumuntong-hininga siya at naglakad-lakad sa kahabaan ng hardin. Nakarating siya sa dulo niyon at natanaw niya ang kuwadra. Napakunot siya nang makitang may ilaw roon.

Tumingin siya sa paligid, pagkatapos ay maingat na naglakad papunta roon.

Bahagyang nakaawang ang pinto at hindi niya napigil ang sumilip.

The scent of oil and leather permeated her nostrils. Mahaba ang kuwadra at maraming mga kabayo sa stalls pero agad natuon ang kanyang paningin sa lalaking nakatayo sa bandang gitna.

His skin was bronze beneath the lamplight. Marahan nitong sinusuklay ang mahabang buhok ng isang kabayo. Marcus' eyes were tender and warm as he gazed at the pure black stallion. Tila tuwang-tuwa naman ang hayop sa atensyon ng binata.

Hindi niya alam kung gaano katagal siyang nanatiling nakatayo lamang doon, pinapanood ang

lalaki.

May dinukot ang binata mula sa pouch sa gilid ng stall at inilahad ang palad sa bibig ng stallion. Agad dinilaan at kinain iyon ng kabayo.

“Night, Macross,” anang lalaki habang marahang hinahaplos ang makintab na balahibo ng hayop.

For a moment, she remained mesmerized, her eyes fixed on his long fingers running through the horse’s shiny mane. Her toes curled as images of those big hands caressing her neck, breasts, and stomach flashed like lightning in her mind.

Muntikan na siyang mapasinghap sa mga iniisip. Nanlaki ang mga mata niya at napahakbang siya palayo sa pinto. Nanginginig niyang natutop ang bibig.

Her skin felt so hot, her unbound breasts heavy and aching. And the flesh between her thighs... She bit her lip hard as she felt something creamy flow between her folds.

Mariin siyang napapikit at malalaking hakbang na tinungo ang hardin. Halos tumakbo siya pabalik doon.

Nanghihina siyang napaupo ulit sa isang batong

silya.

Napalunok siya. The cold air caressed her overly heated skin. Hindi niya alam kung gaano katagal siyang nanatiling nakaupo lamang doon.

She couldn't get the images out of her mind. Those big hands massaging her breasts, her waist, between her thighs...

“Can't sleep?”

Napaigtad siya at muntikan nang mahulog sa batong silya. Malalaking mata siyang napatitig sa lalaking nakatayo sa likuran niya.

The moonlight was kissing his skin, highlighting the aristocratic angles of his face.

Lumunok siya at iniiwas ang tingin dito. Ang init-init ng pisngi niya at hindi niya alam ang gagawin niya. Hindi niya alam kung gaano katagal na itong nakatayo doon.

“Uh... naninibago lang.”

Naramdaman niya ang paglapit nito sa kanya at pakiramdam niya ay sinisilaban ang puwitan. Parang gusto niyang tumakbo papunta sa silid at magtago sa ilalim ng kama. Umupo ito sa katapat na bench.

“Do you like the place?” anito.

Tumango siya. “Yes, mabait lahat.”

“Gusto ka nila.”

Hindi niya napigilan ang titigan ito. Nakakunot-noo ito at nakatitig sa sariling mga paa. Magulo ang buhok nito na para bang kanina pa nito isinusuklay ang mga daliri roon. Bigla ay parang gusto rin niyang isuklay ang mga daliri sa tila napakalambot nitong buhok.

“Your idea’s good. Everyone’s excited.”

“Uh... yeah,” tangi niyang nasabi.

Nagtaas ito ng tingin sa kanya at tila nawalan siya ng kakayahang huminga. Underneath the moonlight, his eyes were pale and bright.

“Kris.”

The way he said her name made something between her legs tingle. Nanginig siya at mahigpit niyang pinagdikit ang mga hita.

Tila nakita nito ang ginawa niya at napatiimbagang ito. Bumaba ang mga mata nito sa kanyang katawan at tila sinisilaban siya. Her unbound breasts felt heavier, and the peaks seemed to swell and ache.

Brat In Disguise - Dior Madrigal

The tender flesh between her thighs seemed to soften and melt. Nagpapasalamat siya na malaki ang robe at naitatago niyon ang kanyang katawan.

Nagtaas muli ito ng tingin sa kanyang mukha at nakita niya ang matigas na ekspresyon sa mukha nito.

“There’s something about you.” Malalim ang paghinga nito at tila nahihirapan itong magsalita. “You’re—”

Mabilis siyang tumayo. “Uh... babalik na ’ko, inaantok na ’ko. Sige, ’bye!”

Kumaripas siya ng takbo pabalik ng bahay.

Hindi siya huminto hanggang sa maikandado niya ang silid at makapagtago siya sa ilalim ng kumot.

Paulit-ulit niyang minura ang sarili.